**MULING PASIGLAHIN ANG ALAB NG PAGMAMAHAL**

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: REV. FR. JOJO BUENAFE
Enero 21, 2023

2 Timoteo 1: 6-7 "Dahil dito, ipinapaalala ko sa iyo na pag-alabin mong muli ang kaloob na ibinigay sa iyo ng Diyos nang ipatong ko sa iyo ang aking mga kamay. Sapagkat ang espiritung ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili." Muli nating pagningasin ang alab sa buhay kasama ang Diyos sapagkat Siya ang pinagmumulan ng lahat ng mayroon tayo. Nabubuhay tayo para sa Diyos.

***REKINDLE*** – ang ibig sabihin ng *"re"* ay muling ulitin. Ang ibig sabihin ng *"kindle"* ay muling pagningasin ang apoy sa ating puso, sa ating buhay. Ang "buhay" sa salitang Latin naman ay *"VITA"* na nangangahulugang:
*V - vitality* (Pagpapasigla)
*I - identity* (Pagkakakilanlan)
*T - transformation* (Pagbabagong Anyo)
*A - action* (Pagkilos)

**Pagpapasigla** - ang katangian ng pagkakaroon ng buhay na may pananampalataya. Ito ay muling pagpapasigla; muling pagkakaroon ng lakas, kapangyarihan at sigasig gaya noong una tayong tinawag. Sa gayon, tungkulin naman nating ibahagi ito sa iba bilang patotoo sa Kanyang kabutihan.

**Pagkakakilanlan** – ang pagkakilala nating muli sa ating sarili para muli rin nating makilala ang Diyos. Higit tayong kilala ng Diyos kaysa sa pagkakakilala natin sa ating sarili. Kaya pahalagahan natin ang ating pagkakakilanlan at igalang ito dahil kalarawan natin ang Diyos.

**Pagbabago** – ang kahalagahan ng paggawa ng higit pa sa inaasahan. Tulad ni Inang Maria noong nagdalang-tao siya kay Jesus, hindi kailan man nagreklamo o nagtanong sa mga kahihinatnan kung tatanggapin niya ito. Kaya, baguhin natin ang ating masasama o makasalanang mga gawi at kung mangyari ito lubusan nating makakamtam ang buhay na ganap.

**Pagkilos** – ang pagbuhay muli sa mga layuning ibinigay sa atin ng Diyos. Mayroon tayong misyong tumulong sa iba at kasabay nito ang pagpapalaganap sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng ating sariling kuwento at karanasan ng mga pagsubok nating napagtagumpayan sa tulong ng Diyos. "…patay ang pananampalatayang walang kasamang gawa" (Santiago 2:26).

**Konklusyon:**
Balikan natin at alalahanin ang panawagan ng Diyos na muling buhayin ang ating sigla. Ang buhay natin ay buhay ng paglilingkod sa Kanya. Lahat tayo ay may dakilang misyong maging daluyan ng Kanyang pagpapala at ibahagi si Jesus sa iba. Hindi natin kailangang gumawa ng mga pambihirang bagay, isang simpleng gawaing bahay, pag-aayuno, penitensiya, pagkukumpisal, banal na misa, komunyon at paggawa ng mabuti sa kapwa, kung gagawin natin ang mga ito para sa pag-ibig at ialay ito sa Kanya, tayo ay magiging kalugod-lugod sa Kanyang paningin. Pagningasin ang apoy upang makapag-anyaya ng iba na lumapit sa Diyos at tamasahin ang yaman ng Kanyang kaluwalhatian.

**Pagninilay:**
1. May sigla at sigasig ba ang inyong pananampalataya sa Diyos?
2. Alam mo ba kung paano malalampasan ang iyong sakit at kalungkutan tungo sa kagalakan at kasiyahan?
3. Ano ang iyong mga kilos na ginagawa upang muling mabuhay ang iyong pagmamahal at paglilingkod sa Panginoon?

**Isinalin ni:** Sis Mayflor T. Barcita
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
**Tag: #mga panalangin**